


# Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan-Modyul 4:

## Papel ng Mamamayan sa Pagkakaroon ng Mabuting Pamahalaan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE  
**ADM**

**Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikaapat na Markahan - Module 4: Papel ng Mamamayan sa Pagkakaroon**  
**ng Mabuting Pamahalaan**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>		
<b>Mga Manunulat:</b>	Ronald P. Alejo	
<b>Editor:</b>	Edgar L. Pescador	Monabelle S. Ablog
<b>Tagasuri:</b>	Gina A. Amoyen	Editha T. Giron
<b>Tagaguhit:</b>	Ariel P. Peralta	
<b>Tagalapat:</b>	Vivian T. Del Castillo	Meynard Jerel T. Luczon Melanie Mae N. Moreno
<b>Tagapamahala:</b>	Tolentino G. Aquino Arlene A. Niro Gina A. Amoyen	Editha T. Giron Edgar L. Pescador Elsie C. Amorin Monabelle S. Ablog

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education - Region I  
Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La  
Union Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137  
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

**10**

# **Araling Panlipunan**

**Ikaapat na Markahan-Modyul 4:**

**Papel ng Mamamayan sa  
Pagkakaroon ng Mabuting  
Pamahalaan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang kagalingan at pag-unlad ng isang bansa ay nakasalalay sa kanyang mamamayan. Tungkulin ng bawat isa na gampanan nang maayos ang naiatang na tungkulin upang makamtan ang inaasam na pagbabago sa lipunan. Mahalagang pag-aralan at maunawaan mo ito upang sa hinaharap, ikaw ay maging kabahagi sa pagtugon sa mga hamong ito.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang maging mas maganda ang daloy ng iyong pag-aaral.

Maraming gawain ang inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Ang modyul na ito ay tatalakay sa Aralin 4: Papel ng Mamamayan sa Pagkakaroon ng Mabuting Pamahalaan.

### **Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto :**

**Napapahalagahan ang papel ng mamamayan sa pagkakaroon ng isang mabuting pamahalaan. (AP10Q4MELC4)**

### **Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:**

- natutukoy ang mga katangian na dapat taglayin ng isang mabuting mamamayan upang magkaroon ng mabuting pamahalaan;
- nagagampanan nang maayos ang mga tungkuling ito upang magdulot ng positibong pagbabago sa lipunan; at
- napahahalagahan ang papel ng mamamayan bilang susi sa pagkamit ng mabuting pamahalaan.



## **Subukin**

Ngayon, subukan mong sagutin ang paunang pagsusulit na magtatakda kung ano na ang iyong alam sa mga aralin. Bigyang-pansin ang mga katanungan na hindi mo masasagutan nang wasto at alamin ang wastong kasagutan nito sa iba't ibang aralin sa modyul na ito. Handa ka na ba? Simulan mo na ang pagsagot.

### **Gawain 1: Paunang Pagtataya**

**Panuto:** Basahing mabuti ang sumusunod na katanungan at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa katayuan o kalagayan ng isang tao bilang miyembro ng pamayanan?  
A. Pagkamamamayan  
B. Pagboto  
C. Pag-aasawa  
D. Pakikisama
2. Sino ang mga kinikilalang miyembro sa sinaunang lipunan sa bansang Greece?  
A. Babae lamang  
B. Lalaki lamang  
C. Lalaki at babae  
D. Babae at ang kaniyang anak
3. Ano ang tawag sa lungsod-estado sa bansang Greece na binubuo ng mga taong may iisang mithiin?  
A. Polis  
B. Punjab  
C. Ziggurat  
D. Sparta
4. Ano ang katangian ng isang mamamayan kung ito ay nagpapakita ng katapatan sa Republika ng Pilipinas?  
A. Makabayan  
B. Makatao  
C. Makatuwiran  
D. Magalang
5. Anong katangian ang ipinakikita kung ang isang tao ay itinatapon sa tamang paraan ang kanyang basura?  
A. Makatuwiran  
B. Makatao  
C. Maka-Diyos  
D. Makakalikasan
6. Kung ang isang tao ay tinatangkilik ang mga produkto na gawa sa sariling niyang pamayanan o bansa, anong katangian ang ipinakikita nito?  
A. Makatuwiran  
B. Makatao  
C. Makabansa  
D. Makakalikasan

7. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng isang Pilipinong iginigiit ang kanyang karapatan bilang mamamayan?
- A. Ipinauubaya niya sa mga opisyal ng barangay ang pagpapasya sa mga proyektong dapat isagawa sa kanilang komunidad.
  - B. Aktibo siya sa isang *peace and order committee* ng kanilang barangay.
  - C. Nakikinig siya sa mga hinaing ng mga taong naaapi.
  - D. Nanonood siya ng mga serye ng kuwento tungkol sa karapatang pantao.
8. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng katangian ng isang mabuting mamamayan?
- A. Ibinoboto ang isang sikat na kandidato.
  - B. Ibinoboto ang kandidatong iniisip ang kapakanan ng nakararami.
  - C. Ibinoboto ang kandidato dahil malapit na kamag-anak.
  - D. Ibinoboto ang kandidato dahil iniendorso ng paboritong artista.
9. Alin sa sumusunod na katangian ang dapat taglayin ng isang mabuting mamamayan?
- A. Sumasali sa mga gawaing pansibiko upang makinabang sa pondo ng gobyerno.
  - B. Tumutulong sa kapwa upang makilala.
  - C. Ibinoboto ang mga kaibigan at kakilala.
  - D. Nakikibahagi sa paghahanap ng kalutasan sa mga suliranin ng lipunan.
10. Bakit mahalaga sa isang bansa ang aktibong pakikilahok ng mga mamamayan sa mga nangyayari sa kanilang lipunan?
- A. Sapagkat maging aktibo man o hindi, makalalahok pa rin ang mga mamamayan sa mga nangyayari sa bansa.
  - B. Sapagkat makikita ang pagsasabuhay ng mga karapatang pantao ng mga mamamayan batay sa itinakda ng Saligang Batas.
  - C. Sapagkat malaki ang bahaging ginagampanan ng mga mamamayan na makatugon sa mga isyu at hamong panlipunan.
  - D. Sapagkat mas magiging makapangyarihan ang mga opisyal ng pamahalaan kung magiging aktibo ang mga mamamayan sa bansa.
11. Basahin ang sumusunod na mensahe: “*Ask not what your country can do for you, ask what you can do for your country.*” Ano ang nais ipaabot ng pahayag ni Pangulong John F. Kennedy?
- A. Ang pamahalaan at ang mga mamamayan ay may kani-kaniyang karapatan at tungkulin.
  - B. Ang mga mamamayan ay dapat na palaging mulat sa mga polisiya at proyekto ng pamahalaan.
  - C. Ang pagiging isang mapanagutang mamamayan ay makatutulong sa pag-unlad ng isang bansa.
  - D. Ang isang bansang malaya ay may sariling pamahalaan at pamantayan sa pagkamamamayan.

12. Suriin ang bahagi ng awiting pinamagatang “Pananagutan”:

*Walang sinuman ang nabubuhay pra sa sarili lamang. Walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang.*

*Koro: Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa*

*Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling N'ya*

Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng awitin tungkol sa mga mamamayan ng isang bansa?

- A. Pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan anuman ang kalagayan sa buhay.
- B. Ang mga mamamayan ang siyang tagapagtanggol ng Saligang Batas ng bansa na kanyang kinabibilangan.
- C. Makakamit ang kabutihang panlahat at maisusulong ang pambansang interes kung may pagtutulungan.
- D. Nararapat na magtulungan ang pamahalaan at ang mga mamamayan upang makamit ng bansa ang kaunlaran.

13. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng isang Pilipinong iginigiit ang kaniyang karapatan bilang mamamayan?

- A. Ipinauubaya niya sa mga opisyal ng barangay ang pagpapasya sa mga proyektong dapat isagawa sa kanilang komunidad.
- B. Aktibo siya sa pagpapanatili ng kaayusan sa kanilang barangay.
- C. Nakikinig siya sa mga hinaing ng mga taong naaapi.
- D. Nakikinig sa suhestiyon ng kakilala at malalapit na kamag-anak.

14. Bakit kailangang masiguro ng isang tao ang legalidad ng kanyang pagkamamamayan sa isang bansa?

- A. Upang magkaroon siya ng pagkakakilanlan.
- B. Upang matiyak ang kanyang mga tungkulin at pananagutan.
- C. Upang mabatid niya ang kanyang mga karapatan at tungkulin.
- D. Upang maigawad sa kanya ang mga pribilehiyo na dapat niyang matamasa.

15. Tungkulin ng isang mabuting mamamayang Pilipino na humingi ng opisyal na resibo tuwing bibili ng produkto. Ano ang kahalagahan nito sa bansa?

- A. Upang malaman ang eksaktong halaga na babayaran.
- B. Upang maipalit ang biniling kalakal.
- C. Upang magkaroon ng patunay sa pagbili ng produkto.
- D. Upang matiyak na ang binyarang buwis ay mapupunta sa gobyerno.



## Aralin

# 1

## Papel ng Mamamayan sa Pagkakaroon ng Mabuting Pamahalaan



Binabati kita at matagumpay mong nakamit ang mahahalagang kaalaman tungkol sa epekto ng aktibong pakikilahok ng mamamayan sa mga gawaing pansibiko sa kabuhayan, politika, at lipunan.

Ngayon, matutunghayan mo na ang papel ng mamamayan para sa pagbabagong panlipunan. Bilang mahalagang bahagi ng estado, nasa kamay ng mamamayan ang pag-asa para sa ikauunlad ng bayan. Ang pagbabagong nais na makita sa lipunan ay nararapat na manggaling sa bawat mamamayan. Nakasalalay ang kaunlaran at katiwasayan ng lipunan sa bawat mamamayan.

Upang matupad ang misyong ito, ang mamamayan ay kinakailangang may sapat na talino, kakayahan, at damdaming makabansa para paunlarin ang lipunang kanyang kinabibilangan.

Sa modyul na ito, mauunawaan mo ang konsepto ng pagkamamamayan at ang pinagdaanan nitong pagbabago. Malalaman mo rin dito ang mga karapatang pantao na nagbibigay proteksiyon at kapangyarihan sa iyo bilang kasapi ng lipunan. Ipaliliwanag din sa modyul na ito kung ano ang mga paraan ng politikal na pakikilahok na nagbibigay kapangyarihan sa mamamayan para itakda ang kinabukasan ng ating bayan. Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahang masasagot mo ang katanungang, “Ano ang iyong maaaring gawin para tugunan ang mga isyung panlipunan sa kasalukuyan?”



# Balikan

Bago ka magpatuloy sa mga inihandang gawain para sa iyo, ating balikan ang iyong natutuhan sa nakaraang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na gawain. Galingan mo!

## Gawain 2: React On This

Ibigay ang iyong opinyon o interpretasyon sa sumusunod na pahayag. Gumamit ng hiwalay na papel para sa iyong sagot.

1. “Ang Pilipinas ay isang Estadong Republikano at Demokratiko. Ang ganap na kapangyarihan ay angkin ng sambayanan at nagmumula sa kanila ang lahat ng mga awtoridad na pampamahalaan”.  
(Artikulo II, Seksiyon 1 ng Saligang Batas ng 1987)

---



---



---

2. “Ask not what your country can do for you, ask what you can do for your country.”  
(John F. Kennedy)

---



---



---

## Gawain 3: Past, Present, and Future

**Panuto:** Sa hiwalay na papel, buoin ang talaan ng mga gawaing pansibiko batay sa iyong sariling karanasan.

<b>Mga Gawaing Pansibiko</b>		
<b>Nagawa Ko Na ...</b>	<b>Balak Kong Gawin ...</b>	<b>Hindi Ko Magagawa ...</b>
<b>Mga Dahilan</b>	<b>Mga Dahilan</b>	<b>Mga Dahilan</b>




## Tuklasin

Bago ipagpatuloy ang pag-aaral tungkol sa katangian na dapat taglayin ng aktibong mamamayan at ang kahalagahan nito sa lipunan, subukin mong sagutin ang sumusunod na paunang pagtataya upang iyong masukat kung hanggang saan ang iyong kaalaman sa aralin.

### Gawain 4. Concept Map

**Panuto:** Maglista ng mga katangian na dapat taglayin ng isang mapanagutang mamamayan. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.



### Gawain 5. Checklist Tayo

**Panuto:** Gamit ang sariling sagutang papel, lagyan ng tsek (✓) ang hanay na naaayon sa iyong sagot.

<b>Ikaw ba ang inilalarawan nito?</b>	<b>Ako</b>	<b>Paminsan -minsan</b>	<b>Bihira</b>	<b>Hindi Ako</b>
1. Humihingi ng opisyal na resibo kapag bumibili ng produkto.				
2. Sinusunod ang lahat ng batas na ipinatutupad sa paaralan at lipunan.				
3. Iginagalang at pinapakinggan ang payo ng aking mga magulang.				
4. Tumutulong sa mga kapus-palad.				
5. Pinapanatili ang kalinisan ng kapaligiran.				

## Gawain 6: Akrostics

**Panuto:** Gamit ang mga letra ng salitang AKO, magbigay ng mga salita na may kaugnayan sa iyong tungkulin na dapat gampanan bilang isang mabuting mamamayan. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

**A** - \_\_\_\_\_

**K** - \_\_\_\_\_

**O** - \_\_\_\_\_



### ***Suriin***

Sa bahaging ito lalawak pa lalo ang iyong kaalaman sa paksa sa pamamagitan ng pagbasa sa mga teksto tungkol sa iyong papel na dapat gampanan upang makamtan ng lipunang iyong kinabibilangan ang kapayapaan at kaunlaran.

### **Kahulugan ng Pagkamamamayan o Citizenship**

Dapat mong tandaan na ang pagkamamamayan ay hindi na lamang isang katayuan sa lipunan na isinasaad ng estado, bagkus, maituturing ito bilang pagbubuklod sa mga tao para sa ikabubuti ng kanilang lipunan. Ang pagkamamamayan ng isang indibidwal ay nakabatay sa pagtugon niya sa kaniyang mga tungkulin sa lipunan at sa paggamit ng kanyang mga karapatan para sa kabutihang panlahat. Mangyari pa, tinitingnan ng indibidwal na siya ay bahagi ng isang lipunan kasama ang ibang tao. Hindi lamang magiging tagamasid sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan ang isang mamamayan. Bilang bahagi ng isang lipunan na may mga karapatan at tungkuling dapat gampanan, inaasahan na siya ay magiging aktibong kalahok sa pagtugon sa mga isyung kinahaharap ng lipunan at sa mas malawak na layunin ng pagpapabuti sa kalagayan nito.

Ayon sa lumawak na pananaw ng pagkamamamayan, igigiit ng isang mamamayan ang kanyang mga karapatan para sa ikabubuti ng lipunan. Kanyang gagamitin ang pamamaraang ipinahihintulot ng batas upang iparating sa mga kinauukulan ang kanyang mga hinaing at saloobin. Ang mamamayan ngayon ay hindi tagasunod lamang sa mga ipinag-uutos ng pamahalaan sapagkat wala namang monopolyo ang pamahalaan sa mga patakarang ipatutupad sa isang estado. Kung gayon, hindi niya inaasa sa pamahalaan ang kapakanan ng lipunan sa halip, siya ay nakikipagdiyalogo rito upang bumuo ng isang kolektibong pananaw at tugon sa mga hamong kinakaharap ng lipunan.

Kung bawat isa sa atin ay ginagampanan nang maayos ang ating tungkulin bilang isang mapanagutang mamamayan, makakamtan ng lipunan ang pagkakaisa at kaunlaran. Ang sumusunod ay nararapat isabuhay:

Naglahad din si Alex Lacson ng labindalawang gawaing maaaring makatulong sa ating bansa. Ang mga gawaing ito ay maituturing na mga simpleng hakbangin na maaaring gawin ng bawat isa sa atin. Ngunit sa kabila ng pagiging simple ng mga ito, maaaring magbunga ito ng malawakang pagbabago sa ating lipunan.

Ikaw ay kasapi sa lipunan at inaasahan na ikaw ay kaakibat hangaring ito upang makamtan ang inaasam na pagbabago. Ang mga iniatang sa iyong mga tungkulin ay kailangang gampanan nang maayos upang makamtan ang pambasansang kapayapaan at kaunlaran.

### **Labindalawang Maliliit na Gawain Upang Makatulong sa Bansa**

#### **1. Sumunod sa batas trapiko**

Ang pagsunod sa batas trapiko ang pinakasimpleng batas na dapat matutuhan ng bawat Pilipino. Napakasimple subalit ito ay nagpapakita nang mataas na antas ng disiplina sa sarili. Disiplina ang kailangan sa ikauunlad ng bayan. Ang problema sa trapik ang dahilan kung bakit nasasayang ang oras ng mga mamamayan, hindi nagiging episyente ang mga manggagawa dahil naaantala ang kanilang mga gawain, maraming pera, at proyekto ang nasasayang at higit sa lahat may mga buhay na naisasakripisyo. Lumalala ang problema sa trapik dahil sa kawalan ng disiplina ng mga motorista. Pansariling interes lamang ang kanilang tinitingnan na parang ang oras lang nila ang mahalaga. Nalilimutan nilang mahalaga ang bawat minuto sa tao. Sa kanilang pagmadali, nagiging sistema sa lansangan ang singit dito, singit doon, na nagdudulot ng lalong pagkakabuhol-buhol ang mga sasakyan.

#### **2. Humingi ng resibo kapag bumibili**

Ugaliin ang paghingi ng opisyal na resibo tuwing bumibili ng produkto o gumagamamit ng serbisyo. Ang paghingi ng opisyal na resibo ay isa sa paraan ng pagpapakita ng nasyonalismo. Sa paghingi ng opisyal na resibo, natitiyak natin na ang EVAT, isang uri ng buwis ay napupunta sa gobyerno. Napakahalaga ang papel ng buwis sa lipunan. Ito ang isa sa pinanggagalingan ng pondo ng pamahalaan. Ang nalikom na buwis mula sa mamamayan ang ginagamit ng gobyerno upang pondohan ang mga programa o proyekto para sa panlipunang kapakanan.

#### **3. Tangkilikin ang sariling produkto**

Walang mas hihigit na pagpapakita ng pagmamahal sa bansa kundi ang ipagmalaki ang kanyang sariling tatak o pagkakakilanlan at ang pagtangkilik nito sa sariling produkto. Kung bawat Pilipino ay prayoridad niya sa pagbili ang sariling produkto, hindi malayo na uunlad ang bansa natin. Ang pagtangkilik sa sariling produkto ay nagbubunga ng: pagtaas sa demand ng lokal na produkto, pagtaas ang kita ng mga lokal na prodyuser, pagtaas ng buwis na malilikom ng gobyerno at higit

sa lahat, magbubukas ito ng oportunidad sa mga walang trabaho. Sa madaling salita, lalago ang ekonomiya ng ating bansa. Nararapat alalahanin ng bawat Pilipino na sa bawat pagtangkilik sa sariling produkto, ginagampanan niya ang kanyang tungkulin sa bayan; tinutulungan niyang umangat ang naghihingalong ekonomiya ng bansa.

#### **4. Maging positibo sa pagpapahayag sa sariling bansa**

Maging mabuting tagapagsalita sa sariling bansa. Sino pa nga ba ang magmamalasakit at maghayag nang positibo sa bansang Pilipinas kundi tayong mga Pilipino? Kung mabuting tagapagsalita ang bawat isa, magiging buhay na buhay ang turismo. Maaring makukumbinsi ang mga dayuhan na pasyalan at tuklasin ang nakatagong ganda ng ating bansa o maaring mahikayat silang magtayo ng negosyo rito.

#### **5. Igalang ang mga lingkod bayan**

Ang pagpapakita ng paggalang sa mga lingkod bayan ay pagpapakita ng pagsuporta sa lipunan. Tumataas ang kompiyansa nila sa kanilang sarili at nabibigyan ng dignidad ang kanilang propesyon kaya't pinagbubuti nila ang kanilang paglilingkod sa bayan.

#### **6. Itapon nang wasto ang basura**

Napakahalaga ang kalikasan sa buhay ng tao at sa pagkamit ng kaunlaran. Sa kalikasan nagmumula ang pantustos sa pang-araw araw na pangangailangan. Ang mga hilaw na sangkap na isinasaproseso upang gawing kapaki-pakinabang na produkto ay nagmumula sa kalikasan. Wala kang maiisip na anomang bagay na hindi produkto ng kalikasan.

#### **7. Suportahan ang simbahan**

Ang pagsuporta sa simbahan ay pagsuporta sa kapus-palad. Ang donasyon na ibinibigay natin sa simbahan ay ginagamit para sa mga kawanggawa kung saan nakikinabang ang sambayanang Pilipino na nasa laylayan ng lipunan.

#### **8. Gampanan ang tungkulin tuwing eleksiyon**

Ang pagboto ay proseso ng pagpili sa magiging lider o pinuno ng isang pamayanan o isang bansa. Ito ay karapatang ipinagkaloob ng estado sa bawat mamamayan upang mailuklok sa puwesto ang pinipili ng nakararami. Sa pagboto, nararapat na isaalang-alang ang kapakanan ng bansa; iboto ang kandidatong karapat dapat sa posisyon. Tandaan, ang kaunlaran ng ating bansa ay nakasalalay sa ating kamay. Gamitin ang kapangyarihan na baguhin ang lipunan at bumoto nang naayon sa dikta ng konsensiya.

#### **9. Maayos na maglilingkod sa pinaglilingkuran**

Ibigay kay Juan ang dapat para kay Juan. Wala nang mas hihigit pang pagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa kundi ang pagbibigay nang tamang pasahod sa manggagawa. Ang tagumpay ng bawat kompanya ay nakasalalay sa episyenteng kamay ng bawat manggagawa. Kung tama ang ibinibigay na pasahod at

mabuting pakikitungo sa mga manggagawa, nagiging episyente sila sa kanilang gawain at nagkakaroon ng pagmamalasakit hindi lamang sa kompanya kundi sa may-ari nito.

### 10. Magbayad ng tamang buwis

Buwis ang nagsisilbing langis upang umandar ang behikulo ng kaunlaran sa lipunan. Kung mas mataas ang nalikom na buwis ng pamahalaan, mas maraming programa o proyekto ng maisasakatuparan upang tugunan ang panlipunang pangangailangan ng mamamayan. Pananagutan ng bawat isa na magbayad nang tamang buwis sa gobyerno.

### 11. Tulungan ang mga batang kabilang sa maralitang angkan

Ang pag-angat ng kapwa ay pag-angat ng buong bansa. Likas sa ating mga Pilipino ang pagdadamayan. Isa ito sa kaugaliang hinahangaan ng ibang lahi sa atin. Makikita na buhay na buhay ang bayanihan sa panahon ng kalamidad at iba pang pagsubok kung saan, handang tumulong ang ilan para maibsan ang hirap ng kapwa Pilipino.

### 12. Maging mabuting magulang sa mga anak

Pamilya ang pinakamaliit na yunit ng lipunan. Pinakamaliit subalit napakahalaga ang papel na ginagampanan nito sa lipunan. Sa pamilya nahuhubog ang pagkatao ng bawat indibidwal. Ang mga magulang ay dapat magsilbing huwaran sa kanilang mga anak. Ang bawat anak ay nararapat din na igalang ang kanilang mga magulang.

## Gawain 7. Awit-Suri

**Panuto:** Pakinggan ang awiting “Ako’y Isang Mabuting Pilipino” ni Noel Cabangon. Maaaring basahin ang titik ng awitin sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang kasunod na mga gabay na tanong sa isang hiwalay na papel.

<p>Ako’y isang mabuting Pilipino Minamahal ko ang Bayan ko Tinutupad ko ang aking mga tungkulin Sinusunod ko ang kanyang mga alituntunin</p> <p>Tumatawid ako sa tamang tawiran Sumasakay ako sa tamang sakayan Pumipila at hindi nakikipag-unahan At ‘di ako pasiga-siga sa lansangan.</p> <p>Bumababa at nagsasakay ako sa tamang sakayan ‘di na makahambalang parang walang pakialam. Pinagbibigyan ko ang mga tumatawid sa kalsada Humihinto ako kapag ang ilaw ay pula.</p>	<p>Lagi akong nakikinig sa aking mga magulang Kaya’t pag-aaral ay aking pinagbubutihan ‘di ako gumagamit ng bawal na gamot. O kaya’y tumatambay at sa eskwela’y di pumapasok.</p> <p>Ipinagtatangol ko ang aking karangalan Pagkat ito lamang ang tangi kong kayamanan ‘di ko ibinebenta ang aking kinabukasan Ang boto ko’y aking pinahahalagahan.</p> <p>Ako, bilang tapat at totoong lingkod ng bayan</p>
--	--

<p>'Pagkat ako'y isang mabuting Pilipino Minamahal ko ang bayan ko Tinatupad ko ang aking mga tungkulin Sinusunod ko ang kanyang mga alituntunin</p> <p>'Di ako nangongotong o nagbibigay ng lagay Ticket lamang ang tinatanggap kong binibigay At 'di nagtatago sa ilalim ng puno.</p> <p>'Di ako nagkakat nang basura sa lansangan. 'di bumubuga ng usok ang aking sasakyan Inaayos ko ang mga kalat sa basurahan Inaalagan ko ang aking kapaligiran</p> <p>'Pagkat ako'y isang mabuting Pilipino Minamahal ko ang bayan ko Tinatupad ko ang aking mga tungkulin Sinusunod ko ang kanyang mga alituntunin</p>	<p>Pabor o lagay ay 'di ko pinapayagan Tapat ang serbisyo ko sa mamamayan Di ko binubulsa ang pera ng Bayan</p> <p>Ipinagtatanggol ko ang mamamayang Pilipino Mga karapatan nila'y kinikilala ko Ginagalang ko ang aking kapwa tao Pinaglalaman kong dangal ng bayan ko.</p> <p>'Pagkat ako'y isang mabuting Pilipino Minamahal ko ang bayan ko Tinatupad ko ang aking mga tungkulin Sinusunod ko ang kanyang mga alituntunin.</p> <p>Ako'y isang mabuting Pilipino Minamahal ko ang bayan ko Tinatupad ko ang aking mga tungkulin Sinusunod ko ang kanyang mga alituntunin</p> <p><i>Sanggunian: Cabangon, N. (Composer). (2009). Ako'y Isang Mabuting Pilipino. [N. Cabangon, Performer] Manila, Philippines</i></p>
---	--

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ano ang katangian ng isang mabuting Pilipino ayon sa awitin?

---



---



---

2. Sino sino ang itinuturing na mamamayang Pilipino?

---



---



---

3. Bakit dapat maisakatuparan ng isang mamamayan ang kanyang mga tungkulin at pananagutan?

---



---



---

4. Paano makatutulong ang mamamayan sa pagsulong ng kabutihang panlahat at pambansang kapakanan?

---



---



---



## Gawain 8. Konsepto - Suri

**Panuto:** Unawaing mabuti ang mga pahayag sa kahon. Suriin kung ito ay Karapatan o Pananagutan ng isang Mamamayang Pilipino. Kung Karapatan ng Mamamayan, isulat sa patlang bago ang bilang ang akronim na **NIA** (Nararapat Ibigay sa Akin) kung Pananagutan, isulat ang **NKG** (Nararapat Kong Gawin). Gawin ito sa hiwalay na papel.

___ 1. Tangkilikin ang sariling produkto.
___ 2. Pangalagaan ang kalikasan.
___ 3. Panatilihin ang ligtas at maayos ang kapaligiran.
___ 4. Magbayad ng tamang buwis sa gobyerno.
___ 5. Maihayag ang pagsang-ayon o pagtutol sa mga isyu.
___ 6. Humingi ng opisyal na resibo sa binibiling produkto.
___ 7. Palaging sumunod sa batas at panukala.
___ 8. Positibong pagpapahayag sa sariling bansa
___ 9. Makisali sa pagboto, <i>referendum</i> , at plebisito.
___ 10. Tulungan ang kapus-palad at magkawanggawa.
___ 11. Mapakinggan at matugunan ang mga hinaing.
___ 12. Dumaan sa tamang proseso ng paglilitis.
___ 13. Masiguro ang proteksiyon at pantay na pagtingin ng batas.
___ 14. Mabigyan ng tamang impormasyon sa mga nangyayari sa lipunan.
___ 15. I-ulat sa kinauukulan ang anumang nakikitang paglabag sa batas.



## Pagyamanin

### Gawain 9: Piliin ang Kayang Gawin

**Panuto:** Pumili ng gawaing iyong naiibigan sa ibaba. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Gawain 1	Gawain 2	Gawain 3
Lumikha ng isang <b>tula</b> na nagpapakita ng katangian ng isang mabuting mamamayan.	Gumawa ng <b>islogan</b> tungkol nararapat gawin ng isang mamamayan sa lipunan.	Sumulat ng <b>sanaysay</b> na tumatalakay sa papel ng mamamayan sa lipunan.

Susuriin ang iyong gawain sa sumusunod na pamantayan sa rubrik bilang pagtataya.

<b>Pamantayan</b>	<b>Napakahusay (4)</b>	<b>Mahusay (3)</b>	<b>Katamtaman (2)</b>	<b>Kailangan pang Magsanay (1)</b>
<b>Nilalaman</b>	Naglalaman ito ng wastong impormasyon.	May isa o dalawang mali sa mga nailahad na impormasyon.	May ilang mali sa mga nailahad na impormasyon.	Karamihan sa ibinigay na impormasyon ay mali.
<b>Epektibo ng Paglalahad</b>	Napakalinaw at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos.	Malinaw at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos.	Hindi gaanong malinaw at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos.	Malabo at hindi nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos.
<b>May Realismo ang Mensahe</b>	Lubhang makabuluhan ang mensahe.	Makabuluhan ang mensahe.	Hindi gaanong makabuluhan ang mensahe.	Hindi makabuluhan ang mensahe.
<b>Makatotohanan</b>	Lubhang makatotohanan ang mga mungkahi.	Makatotohanan ang karamihan sa mga mungkahi.	May mga bahagi na hindi makatotohanan sa mga mungkahi.	Hindi kapani-paniwala ang mga mungkahi.
<b>Pahihikayat</b>	Nakahihikayat nang lubos ang mga pahayag at mensahe.	Nakahihikayat ang mga pahayag at mensahe.	Bahagyang nakahikayat ang mga pahayag at mensahe.	Hindi nakahikayat ang mga pahayag at mensahe.

## Gawain 10: “Decision-Making”

**Panuto:** Unawaing mabuti ang mga isyu sa Kolum A. Isulat sa Kolum B ang iyong gagawing solusyon sa mga nailahad na isyu sa Kolum A. Gawin ito sa iyong sariling sagutang papel.

<b>Kolum A: Isyu</b>	<b>Kolum B: Mungkahing Solusyon</b>
Itinatakwil si ArBen ng inyong kaklase dahil siya lang ang may ibang relihiyon sa inyong lahat.	
Halos araw-araw sinasaktan ang kapitbahay ninyong bata ng kanyang amain nang walang sapat na dahilan.	
Malawakan na ang illegal na pagputol ng mga punong kahoy sa kabundukan malapit sa tahanan ninyo.	
Niyayaya ka ng iyong kaklase na sumama sa isasagawang marahas na welga laban sa gobyerno.	
Malapit na ang eleksiyon at laganap ang <i>vote-buying</i> sa inyong barangay.	



### ***Isaisip***

Binabati kita! Narating mo na ang bahaging ito ng iyong modyul. Ibig sabihin malapit mo na itong matapos. Sa bahaging ito, kailangan mong patunayan na naunawaan mo na ang mga konsepto at mga kaalamang dapat maikintal sa iyong isipan batay sa layunin ng modyul na ito. Upang ipakita ang pagkaunawa sa paksa, tapusin ang gawain sa ibaba.

## Gawain 11: Summary Chart

**Panuto:** Punan ng tamang sagot ang summary chart:

**Ako ay Isang Mabuting Pilipino**




**Katangian ng Isang  
Mabuting  
Mamamayang Pilipino**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_



**12 Little Things Every  
Filipino Can Do**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_
11. \_\_\_\_\_
12. \_\_\_\_\_



**Mga Hamon ng Pagkamamamayan**

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_




## Isagawa

Sa bahaging ito ng modyul ay palalawakin at pagtitibayin mo bilang mag-aaral ang mga nabuo mong kaalaman sa katangian na dapat taglayin ng isang aktibong mamamayan. Kinakailangan ang mas malalim na pagtalakay rito upang maihanda ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng iyong natutuhan at matanto ang ugnayan ng mga ito sa iyong buhay.

### Gawain 12: Hagdan ng Pagsasakatuparan

**Panuto:** Gamit ang iyong sariling sagutang papel, isulat ang iyong magagawa bilang mabuting mamamayan sa unang baitang ng hagdanan, isulat din ang inaasahang gagawin ng pamahalaan sa ikalawang baitang upang makamitam ng lipunan ang inaasam na nasa ikatlong baitang ng hagdanan.



Magaling! Ngayong natapos mo na ang modyul at ang mga inihandang gawain para sa iyo. Ngayon naman, ay susukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng maikling pagsusulit sa susunod na gawain.



## Tayahin

### Gawain 13: Panghuling Pagtataya

**Panuto:** Basahing mabuti ang sumusunod na katanungan at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa kapangyarihan na ipinagkakaloob ng Estado sa mamamayan upang piliin ang nararapat na pinuno o lider sa lipunan?
  - A. Pagkamamamayan
  - B. Pagboto
  - C. Pag-aasawa
  - D. Pakikisama
2. Anong katangian ang ipinapakita kung ang isang tao ay may pagpapahalaga sa kapaligiran?
  - A. Makabansa
  - B. Makatao
  - C. Makakalikasan
  - D. Makatwiran
3. Si Lemuel ay ipinanganak sa Amerika, bagamat parehong Pilipino ang kanyang magulang. Sa kabila na siya ay nakatira sa Amerika lubos ang kanyang pagpapahalaga sa mga produktong galing sa Pilipinas. Anong katangian ang ipinapakita ni Lemuel?
  - A. Maka-Diyos
  - B. Makatwiran
  - C. Makatao
  - D. Makabansa
4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng katangian ng isang mamamayang may pagpapahalaga sa lupang tinubuan?
  - A. Handang ipagtanggol ang Estado.
  - B. Tinitingnan ang kamalian ng mga pinuno.
  - C. Ibinoboto ang kandidato dahil malapit na kamag-anak.
  - D. Tinatangkilik ang produktong galing sa ibang bansa.
5. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng mamamayang produktibo?
  - A. Sinusunod ang Saligang Batas at mga panukala sa lipunan.
  - B. Tapat sa Republika ng Pilipinas.
  - C. Isinaalang-alang ang kapakanan ng nakararami.
  - D. Nagtatrabaho at tinatapos nang maayos ang kanyang gawain.

6. Sa panahon ng halalan, lumapit sa inyong ang isang representante ng isang kandito at pinipilit kang suhulan para iboto ang isang pulitiko sa inyong lugar. Natatakot kang tanggihan ang alok na pera sapagkat kilala ang naturang pulitiko na mainitin ang ulo at ayaw ang napapahiya. Ano ang dapat mong gawin?
- A. I-report sa kinauukulan ang panunuhol ng kandidato at huwag iboto ang naturang pulitiko.
  - B. Tanggapin ang pera at iboboto ang naturang pulitiko.
  - C. Lisanin ang lugar sa lalong madaling panahon.
  - D. Tanggapin ang pera at huwag nang bumoto.
7. Alin sa sumusunod na pahayag ang hindi nagpapakita ng pagiging mabuting mamamayang Pilipino?
- A. Humingi ng resibo sa tuwing bumibili ng produkto.
  - B. Pahalagahan ang mga imported na produkto.
  - C. Maging mabuting anak sa magulang at huwaring magulang sa mga anak.
  - D. Tulungan ang mga kapus-palad lalo sa panahon ng sakuna.
8. Bakit sinasabing nasa kamay ng mamamayan ang kagalingan at pag-unlad ng lipunan?
- A. Mas marami ang bilang ng ordinaryong mamamayan kaysa namumuno.
  - B. Ang mga mamamayan ang nagpapabagsak sa mga tiwaling pinuno.
  - C. Sa pakikipagtulungan ng mga mamamayan sa mga lider nagkakaroon ng positibong pagbabago sa lipunan.
  - D. Ang mga mamamayan ang nakikinabang sa mga programa at proyekto ng gobyerno.
9. Ano ang epekto ng pagtangkilik ng mga mamamayan sa mga produktong gawa sa sarili nilang bansa?
- A. Tataas ang kita ng mga lokal na prodyuser at tataas ang buwis na malilikom ng gobyerno upang tustusan ang panlipunang programa at proyekto.
  - B. Tataas ang halaga ng piso kontra dolyar kayat mabibili nang mura ang mga lokal na produkto.
  - C. Bababa ang halaga ng piso at mabibili nang mura ang mga produkto na galing sa ibang bansa.
  - D. Bababa ang halaga ng dolyar at tataas ang halaga ng lokal na produkto kayat tataas ang kita ng mga lokal na prodyuser.

10. Alin sa sumusunod na pahayag ang totoo?
- Upang magkaroon ng mabuting pamahalaan, nararapat na piliin ang pinakamayamang lider na mamumuno sa isang bansa.
  - Upang magkaroon ng mabuting pamahalaan, nararapat na baguhin ang uri ng gobyerno.
  - Upang magkaroon ng mahusay na pamahalaan, nararapat na makipagtulungan ang mamamayan sa gobyerno.
  - Upang magkaroon ng mahusay na pamahalaan, nararapat na maging sunud sunuran ang mamamayan sa gobyerno.
11. Ano ang maaaring mangyari kung ang mga mamamayan ay hindi humihingi ng opisyal na resibo?
- Uunlad ang bansa dahil tataas ang makokolektang buwis.
  - Mas mabilis ang transaksyon dahil sa hindi pagbibigay ng resibo ng bibilhing produkto.
  - Makikinabang ang gobyerno dahil sa koleksiyon ng buwis.
  - Mawawalan ng koleksiyong buwis mula sa sektor ng industriya at bababa ang pondo ng gobyerno.
12. Ibinoto ni Joseph ang isang tapat at maaasahang lider sa halip na ang malapit na kamag-anak na wala namang nagawa sa kaniyang termino. Anong katangian ang ipinapakita ni Joseph?
- |                  |               |
|------------------|---------------|
| A. Makabansa     | C. Makatao    |
| B. Makakalikasan | D. Makatwiran |
13. Nakikilahok sa tree-planting at coastal cleanup ang mga mamamayan. Anong katangian ng isang mabuting Pilipino ang ipinapakita nito?
- |                  |               |
|------------------|---------------|
| A. Makabansa     | C. Makatao    |
| B. Makakalikasan | D. Makatwiran |
14. Alin sa mga pahayag ang nagpapakita ng isang Pilipinong iginigiit ang kaniyang karapatan bilang mamamayan?
- Ipinaubaya niya sa mga opisyal ng barangay ang pagpapasya sa mga proyektong dapat isagawa sa kanilang komunidad.
  - Aktibo siya sa pagpapanatili ng kaayusan sa kanilang barangay.
  - Nakikinig siya sa mga hinaing ng mga taong naaapi.
  - Lahat ng nabanggit.
15. Paano maipakikita ng isang mamamayan ang kanyang pagkamakabansa?
- Sumusunod sa mga batas at alituntunin ng lipunan.
  - Ibinoboto ang mga sikat na personalidad.
  - Tinatangkilik ang mga produktong imported.
  - Nakikilahok sa mga welga na tumutuligsa sa pamahalaan.





## Karagdagang Gawain

### Pagsulat ng Repleksiyon

**Panuto:** Gamit ang iyong sariling sagutang papel, sumulat ng maikling repleksiyon tungkol sa iyong mga natutuhan sa paksang tinalakay sa modyul na ito: Ang Mahalagang Papel ng Mamamayan sa Pagkakaroon ng Mabuting Pamahalaan.

<b>RUBRIK SA PAGTATAYA NG REPLEKSIYON</b>				
<b>Dimensyon</b>	<b>Napakahusay 4 Puntos</b>	<b>Mahusay 3 Puntos</b>	<b>Katamtaman 2 Puntos</b>	<b>Nangangai - langan ng Pagpapabu ti 1 Puntos</b>
Buod ng aralin, paksa o gawain	Maliwanag at kumpleto ang pagbuod ng araling tinalakay.	Maliwanag subalit may kulang sa detalye sa paksa tinalakay.	Hindi gaanong maliwanag at kulang sa ilang detalye sa paksang tinalakay.	Hindi maliwanag at marami ang kulang sa mga detalye sa paksang tinalakay.
Presentasyon ng Pagkakasulat -Maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya. -Hindi paligoy-ligoy ang pagkakasulat -Angkop ang mga salitang ginamit. -Malinis ang pagkaaksulat	Lahat ng pamantayan ay matatagpuan sa kabuoang repleksiyon.	Tatlo lamang sa mga pamantayan ang matatagpuan sa kabuoang repleksiyon.	Dalawa lamang ang pamantayan ang matatagpuan sa kabuoang repleksiyon.	Isa lamang ang magtatagpuan sa kabuoang repleksiyon.

MAHUSAY! Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul.



## Susi sa Pagwawsto

1. A
2. C
3. D
4. C
5. B
6. B
7. D
8. C
9. C
10. A

1. NKG
2. NKG
3. NKG
4. NKG
5. NIA
6. NKG
7. NKG
8. NKG
9. NIA
10. NKG
11. NKG
12. NIA
13. NIA
14. NIA
15. NKG

1. Maka-Diyos
2. Makatao
3. Makakalikasan
4. Makatwiran
5. Produktibo

### Gawain 4: I-Concept Map Mo

1. B
2. C
3. D
4. A
5. D
6. A
7. B
8. C
9. A
10. C

### Gawain 1: Panimulang Pagtataya

### Gawain 13: Panghuling Pagtataya

### Gawain 5: Checklist Tayo

# ***Sanggunian***

## **A. Aklat:**

Modyul ng Mag-aaral, Araling Panlipunan 10, Ang Kontemporaryong Isyu,  
pp. 377 – 388.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)